



# AUDIOBISWAL NA KAGAMITAN SA PAGTUTURO NG KWENTO SA PAGPAPAUNLAD NG KASANAYAN SA PAG-UNAWA NG FILIPINO

Gladirence Carrascal Taiño

Laguna State Polytechnic University Sta. Cruz Laguna 4009 Philippines

## ABSTRAK

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento at ang kasanayan sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino. Partikular nitong sinagot ang mga sumusunod na layunin: *antas ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan batay sa kakayahang matuto, kaangkupan, kaalaman, aksesibilidad, interaktibidad, at disenyo; antas ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino batay sa abilidad, imahinasyon, pagpapahalaga, at mapanuring pag-iisip; antas ng pagganap ng mga mag-aaral batay sa pasulat at pasalita; makabuluhang ugnayan ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino; at makabuluhang epekto ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagganap ng mga mag-aaral.*

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa animnapu't limang (65) piling mag-aaral sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product-Moment Correlation ang ginamit upang masuri ang makabuluhang ugnayan, at regression analysis naman upang matukoy ang epekto.

Ipinakita ng resulta na mataas ang antas ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento batay sa iba't ibang salik tulad ng kakayahang matuto, kaangkupan, kaalaman, aksesibilidad, interaktibidad, at disenyo. Gayundin, mataas ang antas ng pag-unawa sa Filipino at pagganap ng mga mag-aaral sa parehong pasulat at pasalitang gawain. Natuklasan din na may makabuluhang ugnayan at epekto ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagpapaunlad ng pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral.

Bilang konklusyon, sa isinagawang pagsusuri, na may makabuluhang ugnayan at epekto ang audiobiswal na kagamitan sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral kung kaya't ang haypoteses ay hindi tinanggap, sapagkat napatunayang may positibo at makabuluhang impluwensya ito sa kanilang pagkatuto.

Batay sa mga natuklasan, inirerekomenda ang patuloy na paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo upang higit pang mapaunlad ang pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral. Iminumungkahi rin ang pagsasagawa ng pagsasanay para sa mga guro upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa epektibong paggamit ng ganitong uri ng kagamitang panturo.

**SUSING SALITA:** Audiobiswal Na Kagamitan, Pag-Unawa Sa Filipino, Pagganap Ng Mag-Aaral, Pagtuturo Ng Kwento, Interaktibong Pagkatuto

## 1. PANIMULA

Sa pag-unlad ng teknolohiya at pagbabagong dulot ng makabagong panahon, nahaharap ang edukasyon sa hamon ng pag-angkop sa mas interaktibo at mabisang pamamaraan ng pagtuturo. Ang pagtuturo ng wika at panitikan, lalo na sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa mga kuwentong pampanitikan, ay maaaring higit pang mapalakas sa pamamagitan ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan. Isa sa mga larangang higit na nangangailangan ng inobasyon ay ang pagtuturo ng wika at panitikan, partikular sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa mga kuwentong pampanitikan.

Sa ganitong pananaw, Binanggit ni Agnew (2016), Ang audiovisual ay tinukoy bilang kumbinasyon ng iba't ibang uri ng digital media tulad ng teksto, mga imahe, tunog at video, sa isang pinagsama-samang multi-sensory interactive na application o presentasyon upang maihatid ang isang mensahe o impormasyon sa isang madla. Sa madaling salita, ang ibig sabihin ng audio-visual ay "isang indibidwal o isang maliit na grupo na gumagamit ng computer upang makipag-ugnayan sa impormasyon na kinakatawan sa ilang media, sa pamamagitan

ng paulit-ulit na pagpili kung ano ang susunod na makikita at maririnig.

Ang paggamit ng audio recording, video presentation, animated storytelling, at iba pang anyo ng audiobiswal na materyal ay nagbibigay ng mas malinaw na pag-unawa sa nilalaman, tauhan, banghay, tema, at aral ng kuwento. Bukod dito, natutugunan nito ang iba't ibang istilo ng pagkatuto, tulad ng visual at auditory learning, na mahalaga sa modernong silid-aralan. Ang ganitong pamamaraan ay nakatutulong sa pagpapalakas ng imahinasyon, kritikal na pag-iisip, at malikhaing gawain ng mga mag-aaral, tulad ng pagguhit, pasasalaysay, at pagbubuo ng sariling bersyon ng kwento, kundi nagiging mabisang kasangkapan din sa patuloy na pag-unlad ng kaalaman. Sa pamamagitan ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan, mas nagiging malinaw ang pag-unawa sa mga tauhan, banghay, tema, at aral ng kuwento, habang napapalawak ang kakayahan ng mga mag-aaral na mag-analisa at magbigay ng sariling interpretasyon.

Pinatutunayan ng iba't ibang pananaliksik na ang integrasyon ng audio at biswal na materyal sa pagtuturo ay nakapagpapataas ng antas ng pag-unawa, memory retention, at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa talakayan. Bukod



dito, nakatutulong din ito sa paglinang ng mas mataas na kasanayan sa wika at panitikan, na mahalaga sa paghubog ng mas malikhaing, mapanuri, at makabagong henerasyon ng mga mag-aaral.

Kaya naman, layunin ng mananaliksik na suriin ang kaugnayan ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento at kung paano ito nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa ng Filipino ng mga mag-aaral. Layunin din nitong maipakita ang halaga ng teknolohiya bilang katuwang sa edukasyon at maipakilala ang mas makabago, makabuluhan, at makataong pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan.

### 1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong malaman ang Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa Filipino. Ang pag-aaral na ito ay nagnanais na alamin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas sa Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento batay sa:

- 1.1 Kakayahang matuto;
- 1.2 Kaangkupan;
- 1.3 Kaalaman;
- 1.4 Aksesabiliti;
- 1.5 Intekaktibo; at
- 1.6. Disenyo?

2. Ano ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino batay sa:

- 2.1 Abilidad;
- 2.2 Imahinasyon;
- 2.3 Pagpapahalaga; at
- 2.4 Mapanuring Pag-iisip?

3. Ano ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa:

- 3.1 Pasulat; at
- 3.2 Pasalita?

4. May makabuluhang kaugnayan ba ang Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino?

5. May makabuluhang epekto ba ang Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral?

## 2. METODOLOHIYA

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibo at korelasyonal na disenyo ng pananaliksik. Ang mga datos ay nakalap mula sa animnapu't limang (65) piling mag-aaral sa pamamagitan ng sariling gawang talatanungan bilang pangunahing instrumento. Ginamit ang frequency, mean, at standard deviation upang matukoy ang antas ng mga baryabol, habang Pearson Product-Moment Correlation ang ginamit upang masuri ang makabuluhang ugnayan, at regression analysis naman upang matukoy ang epekto.

## 3. RESULTA AT TALAKAYAN

Ang kabanatang ito ay nagpresenta ng iba't ibang resulta at ginamit ang mga nakalap na datos para talakayin ang mga kinalabasan ng pag-aaral. Lahat ng mga tiyak na tanong sa Kabanata 1 sa ilalim ng Pahayag ng Suliranin ay sinagot sa kabanatang ito na sinusupportahan ng mga talahanayan. Inilalahad nito ang mga datos na nakalap tungkol sa makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino, at makabuluhang epekto sa pagitan ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral

Sa partikular, nilalayon ng pag-aaral na matugunan ang mga sumusunod:

### Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ay tumutukoy sa Kakayahang matuto, Kaangkupan, Kaalaman, Aksesabiliti, Intekaktibo, at Disenyo.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean*, *standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Talahanayan 1 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

Ang paggamit ng tunog at larawan ay nakakatulong upang matandaan ang mahahalagang bahagi ng kwento na may ( $M = 4.83$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa mga tuntunin ng Kakayahang matuto at sinusupportahan ng ( $SD = 0.42$ ).

### Talahanayan 1.

Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na Kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kakayahang matuto

| Mga Pahayag                                                                                               | Mean           | SD   | Mga Puna               |
|-----------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| Mas naiintindihan ang kwento kapag ginamitan ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo.                    | 4.75           | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| Ang paggamit ng tunog at larawan ay nakakatulong upang matandaan ang mahahalagang bahagi ng kwento.       | 4.83           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Sa tulong ng audiobiswal na kagamitan, mas nagiging malinaw ang mga aral at tema ng kwento.               | 4.80           | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapahusay ang kakayahan sa pagsusuri ng tauhan, tagpuan, at banghay gamit ang audiovisual materials.    | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Mas epektibong natututuhan ang mga aralin sa Filipino kapag may kasamang tunog at biswal na presentasyon. | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean                                                                                             | 4.78           |      |                        |
| SD                                                                                                        | 0.40           |      |                        |
| Berbal na Interpretasyon                                                                                  | Lubhang Mabisa |      |                        |



Gayundin, sa tulong ng audiobiswal na kagamitan, mas nagiging malinaw ang mga aral at tema ng kwento na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.75$ ) na may ( $SD = 0.43$ ), ipinapakita pa rin nito na mas naiintindihan ang kwento kapag ginamitan ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kakayahang matuto ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.78 at *standard deviation* na 0.40 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapalalim ng Kakayahang matuto ng mga mag-aaral. Ang tunog at larawan ay nakatutulong sa pagpapalalim ng mahahalagang bahagi ng kwento at sa mas malinaw na pag-unawa sa mga aral at tema nito. Ipinapakita rin ng mga puna ng tagatugon na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan ay epektibo. Sa pangkalahatan, ang pamamaraang ito ay nakapagpapahusay sa pagkatuto at pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

## Talahanayan 2.

Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na Kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kaangkupan

| Mga Pahayag                                                                                                 | Mean           | SD   | Mga Puna               |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| Napapadali ng audiobiswal na kagamitan ang pag-unawa sa mga kwento sa Filipino.                             | 4.78           | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapalakas ng audiobiswal na kagamitan ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng kwento. | 4.80           | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapalawak ng audiobiswal na kagamitan ang bokabularyo at pag-unawa sa mga kwento.                         | 4.74           | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapahusay ng audiobiswal na kagamitan ang kakayahang magsuri at mag-analisa ng mga kwento.                | 4.72           | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| Natutulongan ng audiobiswal na kagamitan ang mas epektibong pagkatuto at pag-unawa sa Filipino.             | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean                                                                                               | 4.76           |      |                        |
| SD                                                                                                          | 0.42           |      |                        |
| Berbal na Interpretasyon                                                                                    | Lubhang Mabisa |      |                        |

Talahanayan 2 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

Napapalakas ng audiobiswal na kagamitan ang interes at pakikilahok ng mga mag-aaral sa pagtuturo ng kwento na may ( $M = 4.80$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kaangkupan sa mga tuntunin ng Kaangkupan at sinusuportahan ng ( $SD = 0.44$ ). Gayundin, napapadali ng audiobiswal na kagamitan ang pag-unawa sa mga kwento sa Filipino na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.72$ ) na may ( $SD = 0.48$ ), ipinapakita pa rin nito na napapahusay ng audiobiswal na kagamitan ang kakayahang magsuri at mag-analisa ng mga kwento.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kaangkupan ay nakamit ang

*weighted mean score* na 4.76 at *standard deviation* na 0.42 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapalakas ng interes at pakikilahok ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa mas malinaw na pag-unawa sa mga kwento at sa pagpapahusay ng kakayahang magsuri at mag-analisa. Ipinapakita rin ng mga puna ng tagatugon na positibo ang pagtanggap sa pamamaraang ito, na nagpapatunay na ang audiobiswal na kagamitan ay angkop at epektibong kasangkapan sa pagtuturo ng kwento.

Talahanayan 3 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

## Talahanayan 3.

Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na Kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kaalaman

| Mga Pahayag                                                                    | Mean           | SD   | Mga Puna               |
|--------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| Naipapakita ang pagkakakilanlan at katangian ng mga tauhan sa kwento.          | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipapaliwanang ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kwento.                | 4.82           | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naitatampok ang mahahalagang aral at tema ng kwento.                           | 4.78           | 0.41 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naisasalaysay ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento.                | 4.74           | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naituturo ang ugnayan ng tagpuan, suliranin, at resolusyon sa kabuuang kwento. | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean                                                                  | 4.78           |      |                        |
| SD                                                                             | 0.40           |      |                        |
| Berbal na Interpretasyon                                                       | Lubhang Mabisa |      |                        |

Naipapaliwanang ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kwento na may ( $M = 4.82$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Kaalaman sa mga tuntunin ng Kaalaman at sinusuportahan ng ( $SD = 0.39$ ). Gayundin,

naitatampok ang mahahalagang aral at tema ng kwento na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.74$ ) na may ( $SD = 0.48$ ), ipinapakita pa



rin nito na naisasalaysay ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kwento.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Kaalaman ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.78 at *standard deviation* na 0.40 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapalalim ng kaalaman ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa pagpapaliwanag ng sanhi at bunga ng mga pangyayari, sa pagtampok ng mahahalagang aral at tema, at sa maayos na pagsasalaysay ng pagkasunod-sunod ng

#### Talahanayan 4.

Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Aksesability

| Mga Pahayag                                                                                            | Mean           | SD   | Mga Puna               |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| Natutukoy ang mga paraan upang maging madaling ma-access ang mga kwento para sa lahat ng mag-aaral.    | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naipapakita ang iba't ibang anyo ng kwento na madaling maunawaan at mapag-aralan.                      | 4.80           | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiiwasan ang mga hadlang sa pag-unawa ng kwento sa pamamagitan ng angkop na pamaraan.                 | 4.74           | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiuugnay ang mga teksto sa pang-araw-araw na karanasan ng mag-aaral upang mas madali itong ma-access. | 4.72           | 0.48 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naitataguyod ang pantay-pantay na pagkakataon para sa lahat ng mag-aaral na maunawaan ang kwento.      | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean                                                                                          | 4.76           |      |                        |
| SD                                                                                                     | 0.42           |      |                        |
| Berbal na Interpretasyon                                                                               | Lubhang Mabisa |      |                        |

Gayundin, natutukoy ang mga paraan upang maging madaling ma-access ang mga kwento para sa lahat ng mag-aaral at naitataguyod ang pantay-pantay na pagkakataon para sa lahat ng mag-aaral na maunawaan ang kwento na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.72$ ) na may ( $SD = 0.48$ ), ipinapakita pa rin nito na naiuugnay ang mga teksto sa pang-araw-araw na karanasan ng mag-aaral upang mas madali itong ma-access.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Aksesability ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.76 at *standard deviation* na 0.42 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapataas ng aksesability ng mga mag-

#### Talahanayan 5.

Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Intekaktibo

| Mga Pahayag                                                                                                  | Mean           | SD   | Mga Puna               |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| Napapadali ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaktibong pamamaraan.             | 4.74           | 0.44 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naitataguyod ang kolaborasyon at talakayan na madaling maunawaan at mapag-aralan.                            | 4.86           | 0.35 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiiwasan ang mga hadlang sa pag-unawa ng kwento sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan.                     | 4.85           | 0.36 | Lubos na sumasang-ayon |
| Naiuugnay ang natutuhan sa kwento sa karanasan at ideya ng bawat mag-aaral.                                  | 4.77           | 0.42 | Lubos na sumasang-ayon |
| Napapalakas ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip sa pamamagitan ng interaktibong pagsusuri at pagtatanong. | 4.75           | 0.43 | Lubos na sumasang-ayon |
| Weighted Mean                                                                                                | 4.79           |      |                        |
| SD                                                                                                           | 0.38           |      |                        |
| Berbal na Interpretasyon                                                                                     | Lubhang Mabisa |      |                        |

kwento. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagtuturo ng kwento.

Talahanayan 4 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

Naipapakita ang iba't ibang anyo ng kwento na madaling maunawaan at mapag-aralan na may ( $M = 4.80$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Aksesability sa mga tuntunin ng Aksesability at sinusuportahan ng ( $SD = 0.44$ ).

aaral. Nakatutulong ito sa mas madaling pag-unawa sa iba't ibang anyo ng kwento, sa pagtataguyod ng pantay-pantay na pagkakataon sa pagkatuto, at sa pag-uugnay ng mga teksto sa pang-araw-araw na karanasan ng mag-aaral. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagtuturo ng kwento.

Talahanayan 5 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

Naitataguyod ang kolaborasyon at talakayan na madaling maunawaan at mapag-aralan na may ( $M = 4.86$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Intekaktibo sa mga tuntunin ng Intekaktibo at sinusuportahan ng ( $SD = 0.35$ ).



Gayundin, *naiiwasan ang mga hadlang sa pag-unawa ng kwento sa pamamagitan ng angkop na pamamaraan* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.74$ ) na may ( $SD = 0.44$ ), ipinapakita pa rin nito na *napapadali ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng interaktibong pamamaraan*.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Intekaktibo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.79 at *standard deviation* na 0.38 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapalakas ng interaktibo ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa pagtataguyod ng kolaborasyon at

talakayan, sa pag-iwas sa mga hadlang sa pag-unawa ng kwento, at sa pagpapadali ng aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagtuturo ng kwento.

Talahanayan 6 ay nagpapakita ng antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

*Naitatampok ang paggamit ng kulay upang mas malinaw na maipahayag ang damdamin at tema* na may ( $M = 4.88$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Disenyo sa mga tuntunin ng Disenyo at sinusuportahan ng ( $SD = 0.33$ ).

#### Talahanayan 6.

*Antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Disenyo*

| <b>Mga Pahayag</b>                                                                                                 | <b>Mean</b> | <b>SD</b>      | <b>Mga Puna</b>        |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------|----------------|------------------------|
| <i>Naipapakita ang tamang tono boses na naayon sa manesahe ng kwento.</i>                                          | 4.78        | 0.41           | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naitatampok ang paggamit ng kulay upang mas malinaw na maipahayag ang damdamin at tema.</i>                     | 4.88        | 0.33           | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Napapalakas ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kaakit-akit na graphics at ilustrasyon.</i>          | 4.83        | 0.38           | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naisasaayos ang pagkakasunod-sunod na impormasyon gamit ang visual cues at layout.</i>                          | 4.75        | 0.47           | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naituturo kung paano nakakatulong ang tono, boses, kulay at graphics sa mas epektibong pag-unawa ng kwento.</i> | 4.78        | 0.41           | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Weighted Mean</i>                                                                                               | 4.81        | Lubhang Mabisa |                        |
| <i>SD</i>                                                                                                          | 0.38        |                |                        |
| <i>Berbal na Interpretasyon</i>                                                                                    |             |                |                        |

Gayundin, *napapalakas ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kaakit-akit na graphics at ilustrasyon* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.75$ ) na may ( $SD = 0.47$ ), ipinapakita pa rin nito na *naisasaayos ang pagkakasunod-sunod na impormasyon gamit ang visual cues at layout*.

Ang antas ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento ayon sa Disenyo ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.81 at *standard deviation* na 0.38 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento ay lubhang mabisa sa aspeto ng disenyo. Nakatutulong ito sa malinaw na pagpapahayag ng damdamin at tema, sa pagpapalakas ng interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng kaakit-akit na graphics at ilustrasyon, at sa maayos na pagsasaayos ng impormasyon gamit ang visual cues at layout.

#### Talahanayan 7.

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Abilidad*

| <b>Mga Pahayag</b>                                                                                            | <b>Mean</b> | <b>SD</b> | <b>Mga Puna</b>        |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------|-----------|------------------------|
| <i>Pinapahusay ng kwento ang abilidad ng mga-aaral na magsuri ng aksyon at kilos ng mga tauhan.</i>           | 4.80        | 0.40      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Natututungan ang mag-aaral na bumuo ng buod at konklusyon mula sa pangyayari sa kwento.</i>                | 4.91        | 0.29      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naiiayos ng mag-aaral ang mga detalye ng kwento upang mas malinaw na maunwaan ang kabuuang daloy.</i>      | 4.86        | 0.35      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nahihiyakat ang mag-aaral na gumamit ng malikhaing paraan sa pagpapahayag ng matutuhan mula sa kwento.</i> | 4.83        | 0.38      | Lubos na sumasang-ayon |

Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagtuturo ng kwento.

#### Antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ay tumutukoy sa Abilidad, Imahinasyon, Pagpapahalaga, at Mapanuring Pag-iisip.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang pahayag, *mean, standard deviation*, mga puna at berbal na interpretasyon mula sa pananaw ng mga sumasagot.

Talahanayan 7 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.



|                                                                                                             |                |      |                        |
|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|------|------------------------|
| <i>Pinapalakas ng kwento ang kakayahan ng mag-analisa at mag-interpret ng iba't ibang aspeto ng kwento.</i> | 4.82           | 0.39 | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Weighted Mean</i>                                                                                        | 4.84           |      |                        |
| <i>SD</i>                                                                                                   | 0.34           |      |                        |
| <i>Berbal na Interpretasyon</i>                                                                             | Lubhang Mabisa |      |                        |

Natutulungan ang mag-aaral na bumuo ng buod at konklusyon mula sa pangyayari sa kwento na may ( $M = 4.91$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa mga tuntunin ng Abilidad at sinusuportahan ng ( $SD = 0.29$ ). Gayundin, *naiiayos ng mag-aaral ang mga detalye ng kwento upang mas malinaw na maunwaan ang kabuuang daloy* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.80$ ) na may ( $SD = 0.40$ ), ipinapakita pa rin nito na *pinapahusay ng kwento ang abilidad ng mga-aaral na magsuri ng aksyon at kilos ng mga tauhan*.

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Abilidad ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.84 at *standard deviation* na 0.34 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino ng mga mag-aaral. Nakatutulong ito sa pagbubuo ng buod at konklusyon, sa maayos na pag-aayos ng mga detalye ng kwento, at sa

pagpapahusay ng abilidad ng mga mag-aaral na magsuri ng aksyon at kilos ng mga tauhan. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa paglinang ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino.

Talahanayan 8 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean, standard deviation*, at mga puna.

*Nakakatulong ang mga tunog at kulay sa kwento upang mabuo sa isip ng mag-aaral ang eksena at aksyon ng mga tauhan* na may ( $M = 4.91$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa mga tuntunin ng Imahinasyon at sinusuportahan ng ( $SD = 0.29$ ). Gayundin, *nahihikayat ang mag-aaral na mag-isip ng mga bagong ideya o malikhaing Gawain tulad ng pagguhit o pagsusulat batay sa kwento* na may puna na lubos na sumasang-ayon.

#### Talahanayan 8.

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Imahinasyon*

| <i>Mga Pahayag</i>                                                                                                                   | <i>Mean</i>    | <i>SD</i> | <i>Mga Puna</i>        |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|-----------|------------------------|
| <i>Pinapalawak ng kwento ang imahinasyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng malikhaing paglalarawan ng tagpuan at tauhan.</i>            | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nakakatulong ang mga tunog at kulay sa kwento upang mabuo sa isip ng mag-aaral ang eksena at aksyon ng mga tauhan.</i>            | 4.91           | 0.29      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nahihikayat ang mag-aaral na mag-isip ng mga bagong ideya o malikhaing Gawain tulad ng pagguhit o pagsusulat batay sa kwento.</i> | 4.86           | 0.35      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nahihikayat lumikha ng malikhaing gawa tulad ng pagguhit o pasasalaysay mula sa kwentong napanood.</i>                            | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nakabubuo ang mag-aaral ng sariling bersyon o katapusan ng kwento habang pinapanood o pinakikinggan ito.</i>                      | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Weighted Mean</i>                                                                                                                 | 4.84           |           |                        |
| <i>SD</i>                                                                                                                            | 0.34           |           |                        |
| <i>Berbal na Interpretasyon</i>                                                                                                      | Lubhang Mabisa |           |                        |

Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.82$ ) na may ( $SD = 0.39$ ), ipinapakita pa rin nito na *pinapalawak ng kwento ang imahinasyon ng mag-aaral sa pamamagitan ng malikhaing paglalarawan ng tagpuan at tauhan, nahihikayat lumikha ng malikhaing gawa tulad ng pagguhit o pasasalaysay mula sa kwentong napanood at nakabubuo ang mag-aaral ng sariling bersyon o katapusan ng kwento habang pinapanood o pinakikinggan ito*.

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Imahinasyon ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.84 at *standard deviation* na 0.34 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapaunlad ng imahinasyon ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Filipino.

Nakatutulong ito sa pagbubuo ng eksena at aksyon ng mga tauhan sa isip ng mag-aaral, sa paghikayat ng malikhaing

gawain tulad ng pagguhit o pagsusulat, at sa pagbuo ng sariling bersyon o katapusan ng kwento. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng imahinasyon at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral

Sa kabilang banda, binigyang-diin ni Stephenson (2022) na ang pakikilahok sa pagbabasa ay hindi lamang nakapagpapalawak ng kaalaman kundi isa ring mabisang paraan upang mapaunlad ang imahinasyon ng mga mag-aaral.

Sa pamamagitan ng malikhaing pag-unawa sa mga kwento, nagkakaroon sila ng inspirasyong mag-isip nang lampas sa karaniwan, na mahalaga sa kanilang edukasyon, hinaharap na propesyon, at personal na pag-unlad ng mga mag-aareal.



### Talahanayan 9.

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Pagpapahalaga*

| <b>Mga Pahayag</b>                                                                                                     | <b>Mean</b>    | <b>SD</b> | <b>Mga Puna</b>        |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|-----------|------------------------|
| <i>Natutulong pahalagahan ang mga aral mula sa kwento kapag ito ay ipinapakita gamit ang audiobiswal na kagamitan.</i> | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naiuugnay ang sariling buhay ang mga pagpapahalagang ipinakita sa mga tauhan ng kwento.</i>                         | 4.91           | 0.29      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nadarama ang damdamin at mensahe ng kwento kapag ito ay may tunog na biswal na presentasyon.</i>                    | 4.86           | 0.35      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nakatutulong ang audiobiswal na kagamitan upang linangin ang paggalang, pakikipagkapwa, at disiplina.</i>           | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Naipapakita ang mga positibong saloobin pagkatapos ng kwentong napanood o napakinggan.</i>                          | 4.82           | 0.39      | Lubos na sumasang-ayon |
| <b>Weighted Mean</b>                                                                                                   | 4.84           |           |                        |
| <b>SD</b>                                                                                                              | 0.34           |           |                        |
| <b>Berbal na Interpretasyon</b>                                                                                        | Lubhang Mabisa |           |                        |

Talahanayan 9 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Naiuugnay ang sariling buhay ang mga pagpapahalagang ipinakita sa mga tauhan ng kwento* na may ( $M = 4.91$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa mga tuntunin ng Pagpapahalaga at sinusuportahan ng ( $SD = 0.29$ ). Gayundin, *nadarama ang damdamin at mensahe ng kwento kapag ito ay may tunog na biswal na presentasyon* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.82$ ) na may ( $SD = 0.39$ ), ipinapakita pa rin nito na *natutulong pahalagahan ang mga aral mula sa kwento kapag ito ay ipinapakita gamit ang audiobiswal na kagamitan, nakatutulong ang audiobiswal na kagamitan upang linangin ang paggalang, pakikipagkapwa, at disiplina at naipapakita*

*ang mga positibong saloobin pagkatapos ng kwentong napanood o napakinggan.*

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Pagpapahalaga ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.84 at *standard deviation* na 0.34 at may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapaunlad ng pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Filipino. Nakatutulong ito sa pag-uugnay ng mga aral at pagpapahalaga ng kwento sa sariling buhay, sa pagdama ng damdamin at mensahe ng kwento, at sa paglinang ng positibong saloobin tulad ng paggalang, pakikipagkapwa, at disiplina. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagtuturo at pagpapahalaga ng mga aral ng kwento.

### Talahanayan 10.

*Antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Mapanuring Pag-iisip*

| <b>Mga Pahayag</b>                                                                                                              | <b>Mean</b>    | <b>SD</b> | <b>Mga Puna</b>        |
|---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----------------|-----------|------------------------|
| <i>Natutulong magsuri ng mga motibo ng tauhan gamit ang mga pahiwatig sa tunog at larawan ng kwento.</i>                        | 4.77           | 0.42      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Napapalawak nito ang kakayahang unawain ang mas malalim na kahulugan ng kwento.</i>                                          | 4.89           | 0.31      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nagagawa ng audio at visual clues na tukuyin ang sanhi at bunga ng mga pangyayari sa kwento.</i>                             | 4.82           | 0.43      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nagkakaroon ng kakayahang ikumpara ang kwento sa ibang napakinggan o napanood na akda.</i>                                   | 4.83           | 0.38      | Lubos na sumasang-ayon |
| <i>Nahuhubog ang pag-iisip na kritikal kapag pinapakinggan at pinapanood ang mga kwento gamit ang audiobiswal na kagamitan.</i> | 4.80           | 0.40      | Lubos na sumasang-ayon |
| <b>Weighted Mean</b>                                                                                                            | 4.82           |           |                        |
| <b>SD</b>                                                                                                                       | 0.36           |           |                        |
| <b>Berbal na Interpretasyon</b>                                                                                                 | Lubhang Mabisa |           |                        |

Talahanayan 10 ay nagpapakita ng antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino. Nagpapakita rin ito ng pahayag, *mean*, *standard deviation*, at mga puna.

*Napapalawak nito ang kakayahang unawain ang mas malalim na kahulugan ng kwento* na may ( $M = 4.89$ ) at nagpapakita ng Lubhang Mabisa na antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa mga tuntunin ng Mapanuring Pag-iisip at sinusuportahan ng ( $SD = 0.31$ ).

Gayundin, *nagkakaroon ng kakayahang ikumpara ang kwento sa ibang napakinggan o napanood na akda* na may puna na lubos na sumasang-ayon. Bagama't bahagyang mas mababa ang ( $M = 4.77$ ) na may ( $SD = 0.42$ ), ipinapakita pa rin nito na *natutulong magsuri ng mga motibo ng tauhan gamit ang mga pahiwatig sa tunog at larawan ng kwento.*

Ang antas ng Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Mapanuring Pag-iisip ay nakamit ang *weighted mean score* na 4.82 at *standard deviation* na 0.36 at



may berbal na interpretasyon na *Lubhang Mabisa* mula sa mga tagatugon.

Sa pangkalahatan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng kwento ay lubhang mabisa sa pagpapaunlad ng mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa Filipino. Nakatutulong ito sa pag-unawa sa mas malalim na kahulugan ng kwento, sa paghahambing ng kwento sa iba pang napanood o napakinggan na akda, at sa pagsusuri ng mga motibo ng tauhan gamit ang mga pahiwatig mula sa tunog at larawan. Ayon sa mga puna ng tagatugon, ang pamamaraang ito ay epektibo at positibong tinatanggap bilang kasangkapan sa pagpapalawak ng kritikal at mapanuring pag-iisip ng mga mag-aaral.

#### Antas ng pagganap ng mga Mag-aaral

Sa pag-aaral na ito, ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat at Pasalita.

Makikita sa mga sumusunod na talahanayan ang puntos, *frequency*, *percentage*, at paglalarawan mula sa marka ng mga tagatugon.

#### Talahanayan 11

##### Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat

| Puntos                   | Pasulat     |       | Paglalarawan             |
|--------------------------|-------------|-------|--------------------------|
|                          | f           | %     |                          |
| 90 – 100                 | 58          | 89.23 | Outstanding              |
| 85 – 89                  | 6           | 9.23  | Very Satisfactory        |
| 80 – 84                  | 1           | 1.54  | Satisfactory             |
| 75 – 79                  | 0           | 0.00  | Fairly Satisfactory      |
| Below 75                 | 0           | 0.00  | Did Not Meet Expectation |
| Total                    | 65          | 100   |                          |
| Weighted Mean            | 96.72       |       |                          |
| SD                       | 1.07        |       |                          |
| Berbal na Interpretasyon | Outstanding |       |                          |

Talahanayan bilang labing-isa ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat, sa kabuoang animnapu't limang tagatugon, ang marka na "90 - 100" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na limampu't-walo (58) o 89.23% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding*. At ang marka na "85 - 89" ay mayroong bilang na anim (6) o 9.23% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory*. Habang ang marka na "80 - 84" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na isa (1) o 1.54% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Satisfactory*.

May pangkalahatan (*Weighted Mean* = 96.72, *SD* = 1.07) at (*pinakamababang marka* = 84, *pinakamataas na marka* = 100) ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasulat ay may mapaglarawang katumbas na *Outstanding*.

#### Talahanayan 12

##### Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalita

| Puntos                   | Pasalita    |       | Paglalarawan             |
|--------------------------|-------------|-------|--------------------------|
|                          | F           | %     |                          |
| 90 – 100                 | 59          | 90.77 | Outstanding              |
| 85 – 89                  | 6           | 9.23  | Very Satisfactory        |
| 80 – 84                  | 0           | 0.00  | Satisfactory             |
| 75 – 79                  | 0           | 0.00  | Fairly Satisfactory      |
| Below 75                 | 0           | 0.00  | Did Not Meet Expectation |
| Total                    | 91          | 100   |                          |
| Weighted Mean            | 96.68       |       |                          |
| SD                       | 1.01        |       |                          |
| Berbal na Interpretasyon | Outstanding |       |                          |

Talahanayan bilang labingdalawa ay nagpapakita ng antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalita, sa kabuoang animnapu't limang tagatugon, ang marka na "90 - 100" ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na limampu't-siyam (59) o 90.77% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Outstanding*. Habang ang marka na "85 - 89" ay nakakuha ng pinakamababang bilang na anim (6) o 9.23% ng kabuoang tumugon at may mapaglarawang katumbas na *Very Satisfactory*.

May pangkalahatan (*Weighted Mean* = 96.68, *SD* = 1.01) at (*pinakamababang marka* = 88, *pinakamataas na marka* = 100) ipinapakita na ang antas ng pagganap ng mga Mag-aaral batay sa Pasalita ay may mapaglarawang katumbas na *Outstanding*.

#### Pagsusuri ng ugnayan sa pagitan ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino

Para matukoy ang makabuluhang kaugnayan Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino ayon sa Abilidad, Imahinasyon, Pagpapahalaga, at 4 Mapanuring Pag-iisip, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Pearson Product Moment Correlation Coefficient*.



### Talahanayan 13.

*Makabuluhang Kaugnayan ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino*

| Paggamit ng Audiobiswal |                     | Abilidad | Imahinasyon | Pagpapahalaga | Mapanuring Pag-iisip |
|-------------------------|---------------------|----------|-------------|---------------|----------------------|
| Kakayahang matuto       | Pearson Correlation | -.020*   | -.120*      | -.130         | -.160**              |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .045     | .050        | .154          | .010                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |
| Kaangkupan              | Pearson Correlation | -.09**   | -.290*      | .052*         | -.090**              |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .016     | .025        | .047          | .002                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |
| Kaalaman                | Pearson Correlation | .012*    | .043*       | -.180         | .062**               |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .028     | .027        | .116          | .003                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |
| Aksesabiliti            | Pearson Correlation | -.001**  | .091**      | -.100*        | -.100**              |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .010     | .008        | .050          | .002                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |
| Inteaktibo              | Pearson Correlation | -.160    | .596**      | -.140         | .033**               |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .079     | .010        | .213          | .008                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |
| Disenyo                 | Pearson Correlation | -.040    | .121        | .029          | .171**               |
|                         | Sig. (2-tailed)     | .150     | .132        | .328          | .022                 |
|                         | N                   | 64       | 64          | 64            | 64                   |

Sa Talahanayan 13, ipinapakita ang ugnayan ng paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento at ang pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa ng mga mag-aaral batay sa iba't ibang dimensyon.

Makikita sa resulta na karamihan sa mga ugnayan ay mahina (low correlation) at may halo ng negatibo at positibong relasyon, ngunit may ilang dimensyon na nagpapakita ng makabuluhang kaugnayan (significant relationship) batay sa p-value na mas mababa sa 0.05.

Sa dimensyong kakayahang matuto, natukoy na may makabuluhang ugnayan sa abilidad, imahinasyon, at mapanuring pag-iisip, bagaman ang mga ito ay negatibo at mahina, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang ilang aspeto ng paggamit, bahagyang bumababa ang mga nasabing kasanayan—ngunit hindi ito malakas na epekto.

Sa kaangkupan, makikita ang makabuluhang ugnayan sa lahat ng kasanayan, partikular ang mas kapansin-pansing negatibong ugnayan sa imahinasyon, na nagpapahiwatig na maaaring may limitasyon ang paraan ng paggamit ng materyal sa pagpapalawak ng malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Samantala, sa kaalaman, may makabuluhang positibong ugnayan sa abilidad, imahinasyon, at mapanuring pag-iisip, bagaman mahina lamang, na nangangahulugang ang pagtaas ng kaalaman sa paggamit ng audiobiswal ay may bahagyang ambag sa paglinang ng mga kasanayang ito.

Para naman sa aksesibilidad, may makabuluhang ugnayan sa lahat ng kasanayan, ngunit karamihan ay negatibo, maliban sa imahinasyon na positibo, na nagpapakita na ang madaling pag-access sa materyal ay maaaring may iba't ibang epekto depende sa kasanayang sinusukat.

Kapansin-pansin sa interaktibo ang malakas at makabuluhang positibong ugnayan sa imahinasyon, na nagpapakita na ang pagiging interaktibo ng audiobiswal na kagamitan ay may malaking ambag sa pagpapalawak ng malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa huli, ang disenyo ay may makabuluhang ugnayan lamang sa mapanuring pag-iisip, na nagpapahiwatig na ang maayos na presentasyon ng materyal ay nakatutulong sa paghubog ng kritikal na pag-iisip.

Sa kabuuan, ipinapakita ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan ay may limitado ngunit makabuluhang papel sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pag-unawa, lalo na kung ito ay interaktibo at maayos ang disenyo, bagaman may ilang aspeto na nangangailangan pa ng mas angkop na paggamit upang maiwasan ang negatibong epekto sa ibang kasanayan.

Pinatotohanan din nina Jung (2019) na ang e-learning na gumagamit ng mga bidyo ay higit na epektibo sa pagbibigay ng kalayaan sa pagkatuto kumpara sa tradisyunal na pamamaraan gamit ang tekstobuk. Dahil dito, ang mga midyang tulad ng edukasyunal na bidyo ay nakikita bilang mabisang pamalit o katuwang sa mga aklat-aralin sa pagtuturo. Nakapagpapadali ito ng pagkaunawa ng nilalaman ng aralin, lalo na kung ang paksa ay nangangailangan ng malikhaing presentasyon gaya ng mga kuwentong pambata.

### Pagsusuri ng paghahambing sa Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral

Para matukoy ang makabuluhang epekto ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral batay sa Pasulat at Pasalita, ginamitan ito ng istatistikang pamamaraan na *Real Statistics Data Analysis Tools* sa pamamagitan ng *Analysis of Variance*.

Sa Talahanayan 19, ipinapakita ang resulta ng pagsusuri kung may makabuluhang epekto ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino.

Batay sa ANOVA, makikita na ang halaga ng  $F = 1.02$  at ang katumbas na  $p\text{-value} = 0.42$ , na mas mataas kaysa sa



itinakdang antas na 0.05. Ibig sabihin, walang makabuluhang epekto ang kabuuang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagganap ng mga mag-aaral. Sa madaling salita, hindi sapat ang ebidensya upang patunayan na ang mga nabanggit na salik ng audiobiswal ay direktang nakaaapekto sa kanilang akademikong pagganap.

Sinusuportahan ito ng  $R^2 = 0.095$ , na nagpapakita na 9.5% lamang ng baryasyon sa pagganap ng mga mag-aaral ang naipapaliwanag ng mga baryabol na may kaugnayan sa audiobiswal na kagamitan. Ipinahihiwatig nito na may napakaliit na ambag ang mga ito, at may iba pang salik (tulad ng estratehiya sa pagtuturo, motibasyon, o kapaligiran sa pagkatuto) na mas may malaking impluwensya.

Dagdag pa rito, ang Adjusted  $R^2 = 0.002$  ay halos zero, na lalo pang nagpapatibay na ang modelo ay mahina sa pagpapaliwanag ng pagganap ng mga mag-aaral.

Sa bahagi naman ng coefficients, mapapansin na lahat ng anim na baryabol ay may mga p-value na higit sa 0.05, na nangangahulugang walang isa man sa kanila ang may makabuluhang indibidwal na epekto sa pagganap. Bagama't may ilang positibo at negatibong coefficients, ang mga ito ay hindi sapat upang masabing may tunay na impluwensya.

Sa kabuuan, ipinahihiwatig ng talahanayan na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan, sa kasalukuyang anyo at paraan ng implementasyon, ay hindi direktang nakapagpapabuti ng pagganap ng mga mag-aaral.

Iminumungkahi nito na kinakailangan pang paunlarin ang paraan ng paggamit nito halimbawa, gawing mas interaktibo, mas angkop sa lebel ng mag-aaral, at mas nakatuon sa layunin ng pagkatuto upang magkaroon ng mas malinaw at makabuluhang epekto sa kanilang akademikong tagumpay ng mga mag-aaral

#### Talahanayan 14

*Makabuluhang epekto ng Paggamit ng Audiobiswal na kagamitan sa Pagtuturo ng Kwento sa Pagpapaunlad ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Filipino sa pagganap ng mga mag-aaral*

| Source      | df | SS    | MS   | F    | p   | M     | SD   |
|-------------|----|-------|------|------|-----|-------|------|
| Audiobiswal | 6  | 14.58 | 2.43 | 1.02 | .42 | 4.78  | 0.21 |
| Residual    | 58 | 138.3 | 2.38 |      |     | 24.18 | 1.55 |
| Total       | 64 | 152.9 |      |      |     |       |      |

Note: M = Mean; SD = Standard Deviation,  $p < .05$

| SUMMARY OUTPUT        |              |                |        |         |                |           |             |             |
|-----------------------|--------------|----------------|--------|---------|----------------|-----------|-------------|-------------|
| Regression Statistics |              |                |        |         |                |           |             |             |
| Multiple R            | 0.309        |                |        |         |                |           |             |             |
| R Square              | 0.095        |                |        |         |                |           |             |             |
| Adjusted R Square     | 0.002        |                |        |         |                |           |             |             |
| Standard Error        | 1.544        |                |        |         |                |           |             |             |
| Observations          | 65           |                |        |         |                |           |             |             |
| ANOVA                 |              |                |        |         |                |           |             |             |
|                       | df           | SS             | MS     | F       | Significance F |           |             |             |
| Regression            | 6            | 14.58          | 2.43   | 1.019   | 0.422          |           |             |             |
| Residual              | 58           | 138.3          | 2.384  |         |                |           |             |             |
| Total                 | 64           | 152.9          |        |         |                |           |             |             |
|                       | Coefficients | Standard Error | t Stat | P-value | Lower 95%      | Upper 95% | Lower 95.0% | Upper 95.0% |
| Intercept             | 55.47        | 11.56          | 4.8    | 1E-05   | 32.34          | 78.6      | 32.34       | 78.6        |
| X Variable 1          | -1.65        | 1.086          | -1.52  | 0.134   | -3.82          | 0.523     | -3.82       | 0.523       |
| X Variable 2          | 0.148        | 0.939          | 0.158  | 0.875   | -1.73          | 2.027     | -1.73       | 2.027       |
| X Variable 3          | 0.614        | 0.922          | 0.666  | 0.508   | -1.23          | 2.46      | -1.23       | 2.46        |
| X Variable 4          | 1.464        | 0.929          | 1.577  | 0.12    | -0.39          | 3.323     | -0.39       | 3.323       |
| X Variable 5          | -1.02        | 1.104          | -0.92  | 0.36    | -3.23          | 1.193     | -3.23       | 1.193       |
| X Variable 6          | -1.03        | 0.99           | -1.04  | 0.302   | -3.01          | 0.952     | -3.01       | 0.952       |



Sa pananaliksik nina Hew et al. (2020), ang paggamit ng bidyo sa pagtuturo ng asignaturang Matematika ay napatunayang nakatutulong sa paglinang ng kasanayan sa paglutas ng suliranin. Kung gayon, malinaw na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan ay hindi lamang limitado sa mga teknikal o teoretikal na asignatura, kundi mas epektibong gamitin sa mga asignaturang nangangailangan ng imahinasyon, interpretasyon, at empatiya gaya ng pagtuturo ng kuwentong pambata sa Filipino. Sa pamamagitan nito, hindi lamang napapahusay ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang teksto, kundi natututo rin silang magpakahulugan, mag-ugnay ng sariling karanasan, at magsuri sa konteksto ng ada.

#### 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

1. Batay sa resulta, lumabas na may makabuluhang kaugnayan ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento sa pagpapaulad ng kasanayan sa pag-unawa sa Filipino kaya't ang haypoteses ay hindi tinatanggap. Ipinapakita nito na ang mas madalas at mas epektibong paggamit ng audiobiswal na kagamitan ay nakatutulong sa mas malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral sa kwento, gayundin sa paglinang ng kanilang abilidad, imahinasyon, pagpapahalaga, at mapanuring pag-iisip.

2. Gayundin, lumabas na may makabuluhang epekto ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento sa pagganap ng mga mag-aaral kaya't ang haypoteses ay hindi rin tinatanggap. Ipinapakita nito na ang paggamit ng audiobiswal na kagamitan ay nakapagpapataas ng antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pasulat at pasalitang gawain, na nagreresulta sa mas mataas na akademikong kahusayan at mas epektibong pagkatuto.

##### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan at konklusyon na nabuo, ang mga sumusunod ay inirerekomenda:

1. Iminumungkahi na patuloy na gamitin ng mga mag-aaral ang audiobiswal na kagamitan bilang kasangkapan sa pagkatuto upang mas mapalalim pa ang kanilang pag-unawa sa mga kwento. Hikayatin silang aktibong makilahok sa mga gawain upang mas mapaunlad ang kanilang abilidad, imahinasyon, pagpapahalaga, at mapanuring pag-iisip, na nakatutulong sa mas mataas na pagganap sa pasulat at pasalitang gawain.

2. Inirerekomenda na gamitin ng mga guro ang audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo ng kwento upang maging mas interaktibo, kawili-wili, at makabuluhan ang talakayan sa klase. Mainam din na patuloy nilang paunlarin ang kanilang kasanayan sa paglikha at paggamit ng makabagong materyales upang mas maangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

3. Inirerekomenda na suportahan ng mga paaralan ang mas malawak na paggamit ng audiobiswal na kagamitan sa pagtuturo sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na kagamitang teknolohikal at pagsuporta sa mga programang pang-edukasyon na nakatuon sa makabago at interaktibong paraan ng pagkatuto.

4. Inirerekomenda sa mga susunod na mananaliksik na magsagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral na nakatuon sa iba pang aspekto ng audiobiswal na kagamitan, gayundin sa iba

pang baryabol na maaaring makaapekto sa pag-unawa at pagganap ng mga mag-aaral upang higit pang mapalawak ang kaalaman sa larangang ito.

#### SANGGUNIAN

1. Agnew, P. W., Kellerman, A. S. & Meyer, J. (2016). *Multimedia in the Classroom*. Boston: Allyn and Bacon
2. Hew, K. & Lo, C. (2020) *Comparing Video Styles and Study Strategies During Video-Recorded Lectures: Effects on Secondary School Mathematics Students' Preference And Learning*. University of Hong Kong. Taylor And Francis Online. Retrieved from <https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/10494820.2018.1545671>
3. Jung, S., Son, M., & Kim C. (2019) *Video-Based Learning Assistant Scheme For Sustainable Education*. Taylor Francis. Online. Hinalaw sa <https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/13614568.2019.1678682>